

Mga pang-emergency na gamit at stockpile

Ang mga pang-emergency na gamit na dapat dalhin ay yaong mga kailangang-kailangan lang sa oras ng paglikas. Ilagay ang mga ito sa isang backpack o iba pang lalagyan at itago sa madaling makuhaing lugar tulad ng tabi ng pasukan ng bahay.

Mga halimbawa ng mga emergency item

Mga valuable at gamot	Mga pang-emergency na pagkain at pang-araw-araw na pangangailangan	Mga emergency supply, damit, atbp.
<input type="checkbox"/> Cash	<input type="checkbox"/> Inuming tubig	<input type="checkbox"/> Flashlight
<input type="checkbox"/> Kopya ng passbook at selyo	<input type="checkbox"/> Hardtack o cracker	<input type="checkbox"/> Lighter
<input type="checkbox"/> Kopya ng lisensya sa pagmamaneho	<input type="checkbox"/> Retort pouch, de-lata	<input type="checkbox"/> Portable radio
<input type="checkbox"/> Kopya ng health insurance card	<input type="checkbox"/> Kutsilyo, abrilata	<input type="checkbox"/> Helmet
<input type="checkbox"/> My Number Card	<input type="checkbox"/> Chopsticks, kutsara	<input type="checkbox"/> Jacket, panloob na damit, at medyas
<input type="checkbox"/> Reserbang household medicine	<input type="checkbox"/> Plastic bag	<input type="checkbox"/> Tuwalya
<input type="checkbox"/> First-aid kit	<input type="checkbox"/> Cellphone charger	<input type="checkbox"/> Portable toilet
<input type="checkbox"/> Wet wipes	<input type="checkbox"/> Mga gamit para sa regla	<input type="checkbox"/> Kumot
<input type="checkbox"/> Disinfecting wipes	<input type="checkbox"/> Dry cell battery	<input type="checkbox"/> Eye mask at earplugs
<input type="checkbox"/> Medication Record	<input type="checkbox"/> Mask	<input type="checkbox"/> Evacuation Center User Registration Form
<input type="checkbox"/> Disaster Preparedness Map ng Chita City	<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/>



Maghanda rin ng sapat na mga stockpile tulad ng inuming tubig at pagkain na tatagal nang **mga isang linggo**.

Halimbawa ng mga stockpile

Pagkain	Mga pang-araw-araw na pangangailangan, damit, atbp.
<input type="checkbox"/> Inuming tubig (3L bawat tao kada araw)	<input type="checkbox"/> Water tank (water supply bag)
<input type="checkbox"/> Instant rice	<input type="checkbox"/> Tubig para sa pang-araw-araw na gamit
<input type="checkbox"/> Retort pouch, de-lata	<input type="checkbox"/> Portable stove at gas canister
<input type="checkbox"/> Food supplement	<input type="checkbox"/> Kutsilyo, abrilata
<input type="checkbox"/> Tubig para sa pagluluto	<input type="checkbox"/> Lighter
<input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/> Dry cell battery



*Para sa mga tahananang may sanggol o matatanda, mag-imbak ng iba pang mga kinakailangang bagay bukod sa nakasaad sa listahan.

Paano mangalap ng impormasyon

Sa panahon ng sakuna, mahalagang agad na makakuha ng impormasyon. Upang maprotektahan ang iyong sarili mula sa sakuna, tiyaking alam mo kung paano aktibong mangalap ng impormasyon araw-araw.

Saan nagpapadala ng impormasyon ang Chita City



Chitamaru Safety & Security Mail Magazine



Opisyal na LINE ng Chita City



Yahoo! Disaster Alert



Mga disaster preparedness camera ng Chita City

Iba pang impormasyon



Disaster Message Board (web171)



Kikikuru (Japan Meteorological Agency)



Page ng Aichi Prefecture Disaster Preparedness and Safety Bureau



Nigenakya Call



Disaster Preparedness Map ng Chita City

Upang makaligtas sa isang sakuna, mahalagang magkaroon ng tamang impormasyon at maging handa araw-araw.

Ang handbook na ito ay ginawa upang matulungan kang protektahan ang iyong buhay mula sa lindol, tsunami, daluyong, sakunang guho, at baha.

Ang disaster preparedness map na ito ay puno ng impormasyon na magpoprotekta sa buhay mo at ng iyong mga mahal sa buhay.

Palakas natin ang ating kamalayan sa sakuna at simulan ang unang hakbang patungo sa isang ligtas na hinaharap gamit ang mapang ito.

Talaan ng nilalaman

■ Tungkol sa hangin at baha

- Daloy ng pagtukoy ng mga kilos sa paglisan P1
- Antas ng alerta at mga kilos sa paglisan P3
- Maghanda laban sa hangin at baha! Mga paghahanda sa paligid ng bahay..... P4

■ Tungkol sa lindol

- Alamin ang tungkol sa lindol! P5
- Maghanda para sa lindol!..... P6
- My Timeline para sa paghahanda sa lindol sa Nankai Trough..... P7

■ Paano pumili ng lugar ng paninirahan sa panahon ng paglikas P8

■ Itinalagang evacuation center/ Itinalagang emergency shelter P9

■ Mga pang-emergency na gamit at stockpile.....Panlikod na pabalat

Ang disaster preparedness map na ito ay inilathala sa iba't ibang wika:



Vietnamese: Bản đồ phòng chống thiên tai này có sẵn đa ngôn ngữ.
Portuguese: Este mapa de prevenção de desastres está disponível em vários idiomas.
Spanish: Este mapa de prevención de desastres está disponible en varios idiomas.
Tagalog: Ang pag-iwas sa sakuna na mapa ay mayroon sa iba't ibang wika.

Inilathala ng: **Chita City Emergency Control Center**

TEL: 0562-36-2638 (Direktang Linya)

Inilathala noong Pebrero 2025

Daloy ng pagtukoy ng mga kilos sa paglisan

“Protektahan ang sariling buhay.”

Gamitin ang hazard map upang alamin ang lokasyon ng iyong bahay at markahan ito!

May kulay ba ang lugar kung saan nakatayo ang iyong bahay?

Hindi

Dahil may panganib ng sakuna, kinakailangang lumikas sa labas ng iyong tahanan bilang pangunahing patakaran.

Exception

A Tiyakin ang kaligtasan sa loob ng gusali

Kapag natiyak na ang mga sumusunod na **1-3**, puwede kayong manatili sa inyong tahanan (Tiyakin ang kaligtasan sa loob ng gusali)

1 Makakapaglipat sa mas mataas na palapag kaysa sa lalim ng baha.

Kung ang gusali ay pininturahan ng kulay na ito, maaari kang lumipat sa ikalawang palapag o mas mataas pa.

Halimbawa

2 Wala sa loob ng lugar na inaasahang bumaha kung saan posibleng magiba ang mga bahay (pag-apaw ng baha, erosyon sa dalampasigan)

Halimbawa Kapag nasa loob ng saklaw

Posibleng magiba ang mga bahay na gawa sa kahoy dahil sa mabilis na daloy ng tubig.

Posibleng gumuho ang lupa, at matangay at magiba ang buong bahay.

3 Puwede kayong magtiis hanggang sa humupa ang tubig at may sapat na suplay ng tubig, pagkain, atbp. (mga 1 linggo)

Kung hindi sapat ang preparasyon, mahihirapan kayong magkaroon ng sapat na dami ng tubig, pagkain, gamot, atbp., at posibleng hindi ninyo magagamit ang kuryente, gas, tubig, CR, atbp.

A Tiyakin ang kaligtasan sa loob ng gusali

Kung wala sa lugar na may mataas na panganib ng pag-apaw na baha o sakunang guho, o kung ang tatlong kondisyon ng **1 - 3** flow sa itaas ay natugunan, ang kaligtasan sa loob ng gusali ay maaaring matiyak.
* May posibilidad pa ring magkaroon ng sakuna kahit sa mga lugar na walang nakamarkang kulay.

- Mga hakbang na dapat gawin ng bawat isa
- Lumipat sa itaas na palapag ng isang matibay at ligtas na gusali, na malayo sa mga bangin at tabing-ilog.
 - Lumipat sa itaas na palapag ng isang kalapit na apartment, gusali, atbp., kung saan maaaring matiyak ang sariling kaligtasan.



B Lumikas sa ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala

Patiunang pag-usapan ang paglikas kasama nila sa panahon ng sakuna.


- Mga hakbang na dapat gawin ng bawat isa
- Suriin ang mga gamit na dadalhin sa evacuation area.
 - Tiyakin na ang evacuation area at ang ruta papunta rito ay ligtas.
 - Kung malayo ang evacuation area, magsimulang lumikas nang maaga.



C Lumikas sa itinakdang evacuation facility

Siguraduhin nang maaga sa hazard map ang lokasyon ng evacuation facility at ang ruta papunta rito, at tiyaking ligtas ito. Magdala rin ng mga gamit na pamprotektang laban sa mga nakakahawang sakit.

- Mga hakbang na dapat gawin ng bawat isa
- Suriin ang mga gamit na dadalhin sa evacuation area.
 - Magsagawa ng sariling pag-iingat laban sa mga nakakahawang sakit (magdala ng mask, disinfectant, thermometer, tsinelas, atbp.).
 - Tiyakin na ligtas ang evacuation site at ang ruta patungo rito.



Lumikas sa ibang ligtas na hotel, inn, atbp.

Kailangan ng karaniwang pambayad para tumuloy. Patiunang magpareserba o tiyakin. Magdala rin ng mga gamit na pamprotektang laban sa mga nakakahawang sakit.

- Mga hakbang na dapat gawin ng bawat isa
- Patiunang magpareserba o tiyakin.
 - Suriin ang mga gamit na dadalhin sa evacuation area.
 - Magsagawa ng sariling pag-iingat laban sa mga nakakahawang sakit (magdala ng mask, disinfectant, thermometer, tsinelas, atbp.).
 - Tiyakin na ang evacuation area at ang ruta papunta rito ay ligtas.
 - Kung malayo ang evacuation area, magsimulang lumikas nang maaga.



Kahit na walang kulay na ipininta, mangyaring sumangguni sa impormasyon ng paglisan, atbp. mula sa lungsod at lumikas kung kinakailangan.

A Tiyakin ang kaligtasan sa loob ng gusali

Ikaw ba o ang iyong mga kasama sa paglikas ay matatagalan sa paglikas?

Hindi

Mayroon ka bang mga kamag-anak o kakilala na may ligtas na lugar na maaaring silungan?

Hindi

B Lumikas sa ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala

Hanggang antas ng alerta **3** (paglikas ng matatanda, atbp.)

C Lumikas sa itinakdang evacuation facility

Hanggang antas ng alerta **4** (utos ng paglikas)

B Lumikas sa ligtas na bahay ng kamag-anak o kakilala

Hanggang antas ng alerta **4** (utos ng paglikas)

C Lumikas sa itinakdang evacuation facility

* Ang detalye ng antas ng alerta ay nakasaad sa pahina 3.



Antas ng alerta at mga kilos sa paglisan Protektahan ang sariling buhay.


Kapag naglabas ang lungsod ng utos ng paglikas ng mga matatanda, atbp. (Antas ng alerta 3) o utos ng paglikas (Antas ng alerta 4), agad na lumikas mula sa mga mapanganib na lugar. Gayundin, kung naglabas ang Japan Meteorological Agency (JMA) ng mga impormasyon tungkol sa panahon para sa paghahanda sa sakuna na katumbas ng antas ng alerta 3 o 4, gawin ang sariling desisyon na lumikas batay sa Kikikuru ⁽²⁾ o taas ng tubig ng ilog, kahit walang opisyal na utos ng paglikas.

Antas ng alerta at mga impormasyon tungkol sa panahon para sa paghahanda sa sakuna

Kalagayan ng panahon	Impormasyon mula sa Japan Meteorological Agency (JMA) atbp.	Tugon ng lungsod	Mga kilos na dapat gawin ng mga residente	Antas ng alerta
Malakas na ulan na nangyayari nang isang beses sa loob ng ilang dekada	Malubhang babala sa malakas na ulan	Kikikuru ² Papalapit ang sakuna Impormasyon sa pagkaroon ng baha	Panganib sa Buhay - Agarang Pagtitiyak ng Kaligtasan! Kung hindi na posible ang ligtas na paglikas at nasa panganib ang iyong buhay, agad na lumipat sa mas ligtas na lugar kaysa sa kinaroroonan mo ngayon, atbp.	5
Dapat lumikas hanggang sa alert level 4!				
↑ Ilang oras hanggang mga 2 oras bago ang malakas na ulan	Impormasyon sa pag-iingat sa guho Babala sa daluyong Malubhang babala sa daluyong	Panganib Impormasyon sa panganib ng baha	Utos ng paglikas (Ipinahayag ng alkalde) Ang lahat ay dapat lumikas mula sa mga mapanganib na lugar. Kung inaasahan ang malakas na hangin dahil sa bagyo atbp., siguraduhing nakalikas ka na bago magsimulang umihip ang malakas na hangin.	4
↑ Kalahating araw hanggang ilang oras bago ang malakas na ulan	Babala sa malakas na ulan Babala sa baha Isang payo na mag-ingat sa mataas na posibilidad na magbago ito at maging babala ng daluyong	Babala Impormasyon sa pag-iingat sa baha	Paglikas ng matatanda, atbp. (Ipinahayag ng alkalde) Ang mga tao maliban sa matatanda, atbp. ay dapat magsimulang baguhin ang karaniwang gawain depende sa pangangailangan, maghanda para sa paglikas, o magkusang lumikas.	3
↑ Ilang araw hanggang humigit-kumulang 1 araw bago ang malakas na ulan	Isang payo na mag-ingat sa mataas na posibilidad na magbago ito at maging babala ng malakas na ulan Payo na mag-ingat sa malakas na ulan Payo na mag-ingat sa baha	Mag-ingat Impormasyon sa payo na mag-ingat sa baha	Pagkolekta ng impormasyon Suriin muli ang mga panganib sa sakuna ng iyong tahanan atbp. gamit ang hazard map atbp., kumpirmahin muli ang paraan ng pagkuha ng impormasyon sa paglisan, atbp.	2
	Impormasyon Para sa Patiuang Pag-iingat (Posibleng Antas ng Babala)	Pataasin ang antas ng iyong kahandaan Suriin ang sistema ng komunikasyon ng mga kawani	Pataasin ang iyong kahandaan para sa sakuna	1

¹ Ang payo na mag-ingat sa mataas na posibilidad na magbago ito at maging babala sa malakas na ulan (sakunang guho) sa gabi hanggang madaling araw ay katumbas ng antas ng alerta 3 (paglikas ng mga matatanda, atbp.).
² Isang web service na ibinibigay ng Japan Meteorological Agency (JMA) kung saan maaaring makita sa mapa ang real-time na panganib ng mga sakunang dulot ng malakas na ulan at baha (Tingnan ang panlikod na pabalat).

Alamin ang tungkol sa daluyong!



Paghigop dahil sa low-pressure area


Dahil sa mababang atmospheric pressure malapit sa sentro ng isang bagyo o low-pressure area, ang sea level ay nahihigop pataas, na nagiging sanhi ng pagtaas nito. Kapag bumaba ang atmospheric pressure ng 1 hPa, ang sea level ay tumataas ng humigit-kumulang 1 cm.

Pagtulak at pag-ipon dahil sa malakas na hangin

Kapag ang isang bagyo ay may dalang malalakas na hangin mula sa karagatan patungo sa baybayin, ang tubig-dagat ay natutulak at naiipon papunta sa dalampasigan, na nagdudulot ng pagtaas ng sea level. Ang pagtaas ng tide level ay proporsyonal sa doble ng bilis ng hangin. Kung doble ang bilis ng hangin, ang pagtaas ng sea level ay magiging apat na beses. Bukod dito, habang papalapit ang bagyo, ang hangin ay nagdudulot ng malalaking alon, na lalo pang nagpapataas ng sea surface.

Maghanda laban sa hangin at baha! Mga paghahanda sa paligid ng bahay


Suriin ang kaligtasan ng paligid ng bahay



Para sa iyong kaligtasan laban sa hangin at baha!

Magsuot ng damit kung saan madali kang makagalaw

Kahit na walang baha sa paligid ng iyong tahanan, maaaring lubog na sa baha ang mga ruta ng paglikas atbp.



Sama-samang alamin ang mga mahalagang puntos tungkol sa paglikas

Mag-evacuate nang magkakasama, hikayatin ang mga kapitbahay na sumama!

Mapanganib ang paglikas nang mag-isa.



Iwasan ang mga mapanganib na lugar habang nagliilikas!

Delikadong dumaan sa ilalim ng mga tulay, malapit sa mga bangin, sa mga pampang, atbp. Kahit na shortcut, iwasan din ang mga tulay sa mga ilog na may tumataas na tubig, atbp.



Mag-ingat sa sapatos na isusuot!

Pinakamainam ang rubber shoes. Ang bota ay maaaring mapuno ng tubig kapag malalim ang baha, at magpapahirap ito sa paggalaw.

Iwasan ang paggamit ng sasakyan sa paglikas!

Ang sasakyan ay mahihirapan nang makagalaw kapag ang baha ay umabot na sa humigit-kumulang 30 cm.

Mag-ingat sa mga manhole!

Dahil sa malakas na ulan, maaaring matanggal ang mga takip ng manhole. Gumamit ng tungkod, patpat, atbp. para tiyaking ligtas ang iyong dinaraan.

Tandaan ang ligtas na lalim ng baha para makalakad!

Ang pinakaligtas na lalim ng baha para makalakad ay hanggang tuhod lamang. Kung mabilis ang agos ng tubig, kahit 20 cm ay mapanganib na. Maghintay ng tulong sa mas mataas na lugar.

Alamin ang tungkol sa lindol!

Tungkol sa mga posibleng pinsala sa Chita City

May banta ng malakas na lindol na maaaring magmula sa Nankai Trough sa malapit na hinaharap. Sa pamamagitan ng disaster preparedness map na ito, magkaroon ng tamang kaalaman tungkol sa lindol. Maghanda sa pamamagitan ng pag-alam kung paano tumugon sa pagyanig, pagpapalano ng paglikas, pag-iimbak ng mga supply, at pagkuha ng impormasyon tungkol sa lindol upang mabawasan ang pinsala.


- ◇ Ang **"Past Maximum Earthquake Model"** ay batay sa mga nakaraang lindol at tsunami na naganap sa Nankai Trough, kaya ito ang pangunahing gabay sa paghahanda para sa lindol at tsunami.
- ◇ Ang **"Theoretical Maximum Assumption Model"** ay isang modelo na isinasalang-alang ang lahat ng posibleng sitwasyon, kabilang ang pinakamalakas na lindol at tsunami (na maaaring mangyari minsan sa 1,000 taon o mas bihira pa). Ginagamit ito bilang karagdagan gabay upang maiwasan ang lindol at tsunami para sa "pagprotekta ng buhay."

Antas ng tindi ng lindol at taas ng tsunami	Past Maximum Earthquake Model	Theoretical Maximum Assumption Model
Pinakamalakas na lindol	Malakas na 6	7
Pinakamataas na taas ng tsunami	T.P.3.1m*	T.P.3.7m
Pinakamaikling oras ng pagdating ng tsunami (30 cm ang taas ng tsunami)	76 minuto	73 minuto
Lawak ng bahang sakop (1 cm o higit pa ang lalim ng baha)	47 ektarya	58 ektarya
Pinsala sa mga gusali (ganap na nasira o nasunog na bahay o gusali)	Mga 700 gusali	Mga 7,200 gusali
Pinsalang pantao (bilang ng nasawi)	Mga 30 katao	Mga 400 katao

*Ang T.P. (Tokyo Bay mean sea level) ay ang average sea level batay sa pagtaas at pagbaba ng tubig sa Tokyo Bay, na malawakang ginagamit bilang batayan sa pagsukat ng elevation sa Japan.

Alamin ang tungkol sa Nankai Trough Earthquake Extra Information!

Ang Nankai Trough Earthquake Extra Information ay ipinapahayag ayon sa sumusunod na proseso. Kapag naipahayag ang impormasyong ito, upang maprotektahan ang sarili mula sa mga posibleng kasunod na lindol, magpatupad ng mga hakbang sa pag-iingat (pagsusuri ng mga nakaimbak na supply, pagpupulong kasama ang pamilya, atbp.) at manatiling alerto sa mga update tungkol sa lindol sa loob ng isa hanggang dalawang linggo.




Maghanda para sa lindol!


Mga hakbang sa bahay laban sa pagyanig

- Ang malakas na pagyanig ng lindol ay maaaring magdulot ng pagguho ng mga gusali, pagbagsak ng mga muwebles, atbp. na maaaring magresulta sa mga injury.
- Bilang pang-araw-araw na paghahanda laban sa lindol, gumawa ng mga hakbang upang matiyak ang kaligtasan, tulad ng ①Pagpigil sa pagbagsak ng mga muwebles, atbp.; ②Pagsusuri sa mga mapanganib na bagay, atbp. sa paligid ng bahay; ③Pagpapatibay ng bahay para maging earthquake-proof.


① Pagpigil sa pagbagsak ng mga muwebles, atbp. (L-shaped na metal fitting, tension tool, atbp.)



② Pagsusuri sa mga mapanganib na bagay, atbp. sa paligid ng bahay



③ Pagpapatibay ng bahay para maging earthquake-proof (paglalagay ng braces, pagpapatibay ng pundasyon, at paggamit ng mga metal fitting para ipirmi ang mga connector ng mga poste, atbp.)



Kapag may lindol?!

Manual sa Pagkilos Mula sa Paglitaw ng Lindol Hanggang sa Paglikas

Dahil biglaan ang pagdating ng lindol, mahalagang maging handa araw-araw. Kapag may malakas na lindol: "Huwag mag-panic at tiyakin ang sariling kaligtasan"; "Lumipat sa ligtas na lugar"; "Lumikas sa mas ligtas na lugar."



Sa unang malakas na pagyanig (mga 1 minuto)

- Pangalagaan ang ulo at sumilong sa ligtas na lugar tulad ng ilalim ng isang matibay na mesa.
- Huwag magmadaling lumabas.
- Kung malakas ang pagyanig, hintaying humupa ito bago patayin ang mga apoy.

Kapag humupa na ang pagyanig

- Suriin ang mga pinagmumulan ng apoy. Kung may sunog, manatiling kalmado at magsagawa ng first-aid firefighting.
- Tiyakin ang kaligtasan ng pamilya. Siguraduhing walang naipit sa ilalim ng mga natumbang muwebles.
- Maaaring may kumalat na bubog ng salamin sa loob ng bahay. Mag-suot ng sapatos o makapal na tsinelas.
- Sa paglikas, bantayan ang mga bumabagsak na roof tile atbp., o mga natutumbang bagay tulad ng kongkretong bakod at vending machine.

Tiyakin ang kaligtasan ng lahat at pigilan ang sunog

- Makipag-ugnayan sa mga kapitbahay**
 - Sa oras ng sakuna, tiyakin ang kaligtasan ng mga taong nangangailangan ng pagsasaalang-alang, at makipagtulungan sa mga kapitbahay.
 - Wala bang taong nawawala? ● Wala bang nasugatan?
- Pigilan ang sunog First-aid firefighting**
 - Gumamit ng fire extinguisher para sa first-aid firefighting.
 - Mag-iimbak ng tubig sa paliguan para sa bucket brigade.
 - Mag-ingat sa short circuit at gas leak. ● I-off ang main circuit breaker. Isara ang gas valve.

Magtulungan sa pagsugpo ng sunog at pagsagip ng mga tao

- Sumigaw at ipagbigay-alam sa iba. ● Tumulong sa pagsagip at pagbibigay ng paunang lunas.
- Alamin ang impormasyon mula sa voluntary disaster prevention organization.
- Iwasan ang paggamit ng sasakyan sa paglikas hangga't maaari. ● Huwag pumasok sa mga nasirang bahay.
- Mahalagang magkaroon ng mapagmalasakit na puso. ● Huwag magpumilit na tumulong kung hindi kaya.

Kumuha ng tamang impormasyon sa radyo atbp.

- Gamitin ang naimbak na tubig at pagkain. Maghanda ng sapat na tubig at pagkain para sa 3 araw (mas mainam kung 1 linggo).
- Mangalap ng impormasyon tungkol sa sakuna at mga pinsala.
- Gamitin ang telepono para sa mahahalagang tagaw lamang. ● Huwag maniwala sa fake news.



My Timeline para sa paghahanda sa Nankai Trough Earthquake

Gumawa ng mga paghahanda nang maaga upang maging handa sa malalaking lindol tulad ng Nankai Trough Earthquake.

I-check ang hazard map (tungkol sa lindol)

- Kasama ba ang iyong lugar sa tsunami evacuation zone?



Pumunta sa check items sa ibaba



Pumunta sa check items sa kanan



Checklist ng mga kilos sa paglisan para sa mga "Hindi Kasama sa Tsunami Evacuation Zone"

- Ano ang inaasahang antas ng tindi ng lindol sa iyong lugar? [Antas ng tindi ng lindol]
- Kapag ang lindol ay [Antas ng tindi ng lindol: Mahinang 5] o mas malakas, o may pinsala sa inyong lugar
 - Pumunta sa lugar na pagtitipunan ng komunidad []
 - Lumikas sa itinalagang evacuation center []
[Kung maaari kayong manatili sa inyong tahanan, bumalik sa inyong tahanan.]
- Kung may banta ng panganib tulad ng malaking sunog dulot ng lindol
 - Lumikas sa wide-area shelter atbp. []
- I-check ang sitwasyon ng pamilya
 - May kasama ka bang nangangailangan ng tulong sa paglikas? (Hal: matatanda, may kapansanan, sanggol, buntis)
 - Mayroon Wala
 - Mayroong alagang hayop
 - Mayroon Wala

* Sundin ang manual ng kilos sa Pahina 6 para sa paglikas

Checklist ng mga kilos sa paglisan para sa mga "Tsunami Evacuation Zone"

Kapag narinig ang Earthquake Early Warning, huwag mag-panic at unahin ang sariling kaligtasan.

Lumikas nang mas mabilis at mas mataas!

Ang tsunami ay maaaring umabot sa Chita City sa loob ng 76 minuto pagkatapos ng Nankai Trough Earthquake.

[Pangunahing Patakaran] Tumungo sa mas mataas na lugar sa lalong madaling panahon.

- Bahay, bahay ng kamag-anak, bahay ng kakilala, lugar ng trabaho, atbp. (pinakamalapit na ligtas na palapag na hindi binabahaan)
- Pinakamalapit na evacuation area (ligtas na lugar na hindi binabahaan)
- Pinakamalapit na wide-area shelter o pansamantalang shelter (lugar na hindi binabahaan)
- Sa pinakamataas na posibleng lugar sa hindi binabahaang area

[Kung nahuli sa paglikas...] Tumungo sa mataas na gusali o mataas na lugar

- Pinakamalapit na mataas na gusali o mataas na lugar (ligtas na palapag na hindi binabahaan)

Pagkatapos makalikas, ipaalam sa pamilya o mahal sa buhay na ligtas kang nakalikas.

Paano makipag-ugnayan

Lugar ng pagtitipon ng pamilya

Dahil paulit-ulit na dumarating ang tsunami, magpatuloy sa paglikas hanggang sa ma-lift ang babala/payo na mag-ingat sa tsunami.

- Maging alerto sa mga posibleng aftershock kasunod na lindol.
- Suriin muli ang mga paghahanda para sa lindol.

Paano pumili ng lugar para sa panahon ng paglikas



Ang desisyon na lumikas ay karaniwang pareho para sa lindol, hangin, at baha.



Desisyon ① Suriin ang panganib

Mga mahalagang punto

- Ang bahay mo ba ay may pinsala tulad ng pagguho?*
- May epekto ba sa iyong tahanan ang pagguho, sunog, atbp. sa mga kalapit na bahay?
- Naapektuhan ba ang iyong tahanan ng baha o sakunang guho, kung saan hindi mo na kayang mamuhay dito?

Kung walang panganib, magpatuloy sa Desisyon ②.

Desisyon ② Tiyakin kung kaya mong mamuhay

Mga mahalagang punto

- Kailangan mo ba ng tulong ng iba para sa pang-araw-araw na pamumuhay?

Kung wala kang pangamba, maaari kang manatili sa iyong bahay.

Kahit na nananatili ka sa iyong bahay, maaari pa ring gamitin ang mga pasilidad ng evacuation center.

Kung walang tubig o kuryente sa iyong bahay, maaari mong gamitin ang mga pasilidad o tumanggap ng pagkain mula sa shelter kahit na nananatili ka sa bahay.

Kung may nararamdang pangamba o kung itinuturing na mapanganib, tumungo sa evacuation center.

Kung hindi na posible ang pamumuhay sa bahay, tumungo sa evacuation center.

Pananatili sa Bahay

Ang mga serbisyo tulad ng mga convenience store ay karaniwang bumabalik sa normal sa loob ng isang linggo.

Evacuation center/shelter

*Kung may isinagawang "emergency safety evaluation," sundin ang resulta ng evaluation.

Paghahambing ng pananatili sa bahay at pamumuhay sa evacuation center

	Pananatili sa bahay	Pamumuhay sa evacuation center
Privacy	Tulad ng dati	Mahirap matiyak
Mga tuntunin sa pamumuhay	Tulad ng dati	Mga tuntunin para sa buong shelter
Mga alagang hayop	Tulad ng dati	Malayo sa iyo habang nasa cage atbp. ito
Iyong espasyo	Tulad ng dati	2m ² hanggang 6m ² bawat tao
Suporta tulad ng relief goods	Kailangang pumunta sa shelter kung kailangan ng suporta	Mas madaling makatanggap ng suporta mula sa lokal na pamahalaan
Panganib sa sakit	Tulad ng dati	Mas mataas kaysa sa normal
Impormasyon	Mangalap gamit ang sariling pagsisikap	Madaling makakuha ng iba't ibang impormasyon

Itinalagang evacuation center/Itinalagang emergency shelter

Pangalan ng pasilidad o lugar	Address	Baha	Sakunang guho	Daluyong	Lindol	Tsunami	Itinalagang evacuation center	Itinalagang emergency shelter
Yawata Elementary School	84 Satonomae, Yawata	○	○	○	○	○	○	○
Yawata Junior High School	135 Hidariwaki, Yawata		○		○	○	○	○
Shinchi Elementary School	1 Hasama, Shinchi	○	○	○	○	○	○	○
Tsutsujigaoka Elementary School	4-26 Tsutsujigaoka	○	○	○	○	○	○	○
Shinden Elementary School	65 Nabeyama, Yawata	○	○	○	○	○	○	○
Tobu Junior High School	77 Ikeshita, Yawata		○		○	○	○	○
Tobu Machizukuri Center	51 Minamiohirachi, Yawata	○	○	○	○	○	○	○
Souri Elementary School	26 Gomyo, Souri	○	△	○	○	○	○	○
Chubu Junior High School	3-28-1 Shinchihigashimachi		○		○	○	○	○
Chubu Public Hall	2-7-2 Shinchihigashimachi	○	○	○	○	○	○	○
Chuo Library	22 Takaranowaki, Okada	○	○	○	○	○	○	○
Okada Elementary School	1 Dantobo, Okada	○	○	○	○	○	○	○
Okada Machizukuri Center	5 Dantobo, Okada	○	○	○	○	○	○	○
Chita Junior High School	160 Harayama, Hinaga		○		○	○	○	○
Kyokuhoku Elementary School	50 Hakusan, Hinaga	○	△	○	○	○	○	○
Kyokutou Elementary School	10 Hirome, Daikoji	○	○	○	○	○	○	○
Kyokunan Elementary School	1 Mukaiyama, Kanazawa	○	○	○	○	○	○	○
Asahi Machizukuri Center	46 Oguchi, Shinmaiko	○	○	△	○	○	○	○
Kyokunan Junior High School	132 Nakamukaiyama, Kanazawa		○		○	○	○	○
Minami-Kasuya Elementary School	3-77 Minami-Kasuya Honmachi	○	○	○	○	○	○	○
Dating Teramotodai Ground	2-4 Teramotodai		○		○	○		○
Tsutsujigaoka Park	1-3 Tsutsujigaoka		○		○	○		○
Dating Umegaoka Ground	1-89 Umegaoka		○		○	○		○
Shinmaiko Higashimachi 1 Go Park	1-18-1 Shinmaikohigashimachi		○		○	○		○
Okusa Park	110-1 Higashiyashiki, Okusa		○		○	○		○
Youth Center	91-1 Horikiri, Yawata	○	○	△		○		○
Teramoto Nursery School	2-228 Teramotoshinmachi	○	○	△		○		○
Yawata Community Center	7 Tsukiyama, Yawata	○	○	△		○		○
Medias Gymnasium Chita	5 Midorimachi	○	○	○		○		○
Okadasanku Okugumi Meeting Place	2 Doyama, Okada	○	△	○		○		○
Nagaura Public Hall	1-310 Nagaura	○		○		○		○
Hinagaikku Public Hall	79-1 Kuribayashi, Hinaga	○	○	△		△		○
Hinaganiku Public Hall	59-1 Nakamoritani, Hinaga	○	△	△		○		○
Hinagasanku Public Hall	88-2 Kaminoki, Hinaga	○	○	○		○		○
Prefectural Chita Shoyo Senior High School Ground	50-1 Dogashima, Yawata		○		○	○		○
Nanamagari Park	1 Nanamagari, Yawata		○		○	○		○
Okada Elementary School Ground (Dating Daido High School Ground)	1 Dantobo, Okada		○		○	○		○
Betty's House Asahi Park	1 Ishine, Kanazawa		○		○	○		○

* Kung ang lugar ay bahagyang sakop o katabi ng danger zone atbp., ngunit may posibilidad na makalkas sa mas mataas na lugar kaysa sa inaasahang lalim ng baha, o kung ang pasilidad ay may sapat na istrukturang pangkaligtasan, maaari itong gamitin batay sa sitwasyon ng sakuna, at markahan ng "△".
 * Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga shelter sa panahon ng sakuna, mangyaring bisitahin ang opisyal na website ng lungsod.